Aralin 2

# AALAGAAN KITA



Ano-ano ang ginagawa ng mga tao sa larawan?



## Pag-isipan Natin

Madaling-araw ng Lunes, nagkasabay na pumunta sa bukirin sina Mang Pedro at Mang Jose. Kapansin-pansin ang mga punong mangga ni Mang Jose habang sila'y naglalakad. Napansin ni Mang Pedro ang mga puno ni Mang Jose. Basahin natin ang usapan nina Mang Pedro at mang Jose.

Mang Pedro : Pare, may napapansin ako sa mga punong mangga mo.

Mang Jose : Bakit, pare? Naiiba ba sa mga puno mo?

Mang Pedro : Kay rami kasing bunga. Namumulaklak na naman. Nakatutuwa ang iyong gulayan sa kabila ng manggahan. Bakit kay lulusog ng gulay?


Mang Jose : Ganito ‘yon pare, kasipagan at pag-aalaga lang ‘yan. Bumili rin ako ng pataba para naman hindi mawalan ng bunga ang mangga. Iyon bang mamunga ng hindi pa panahon?

Mahirap naman kung maghihintay lang ako ng bunga sa panahon ng pamumunga.

Mang Pedro : Kaya naman pala! Maayos na ang buhay niyo ngayon. Sa panahon lang kasi namumunga ang aking manggahan. Dapat pala’y magpataba na rin ako ng halaman.



# Basahin Natin





Halaman ko'y dinidiligan
Kung panahon ng tag-araw
Gawi ko ito araw-araw
Nang halama'y
pakinabangan.

Halaman ay lagyan
Patabang kailangan
Kapag sustansya'y
naragdagan
Tutubo nang lubusan.




Halama'y damuhan
Nang mawala ang sukal
Makahihinga itong lubusan
Mamumunga itong tunay.



## Subukin Natin

A. Sagutin ang palaisipan.




**Pababa**

1. Dapat gawin sa lupa bago taniman
2. Inilalagay sa halaman upang mabilis tumubo

**Pahalang**

3. Dapat gawin sa halaman upang di matuyo

B. Buuin ang pahayag. Isulat sa mga kahon ang tamang sagot.

1. ________ ang halaman araw-araw
(Damuhan, Diligan)

2. Lagyan ng ________ para lumago
(pataba, patubig)

3. ________ ang palibot ng halaman.
(Damuhan, Ligpitin)

## Alamin Natin

Paano inaalagaan ang mga halaman?











## Kwentahin Natin

Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Si Mang Pedro ay bumili ng isang kilong pataba sa halagang Php 75.00. Kung ang pera niya ay Php 80.00, magkano ang matitira sa kanyang pera?

   a) Php 7.00 b) Php 9.00 c) Php 5.00

2. Hindi na kaya ni Aling Maria na magdamo ng halaman. Kumuha siya ng dalawang makakatulong, binayaran niya ang isa ng Php 50.00 at ang isa naman ay Php 35.00. Magkano ang naibayad niya?

   a) Php 75.00 b) Php 85.00 c) Php 95.00

3. Kung Php 20.00 ang isang kilo ng kopra. Magkano kaya ang mapagbibilhan ni Mang Amado sa 3 kilo niyang kopra?

   a. Php 60.00  b. Php 70.00  c. Php 80.00

4. Ang pera ni Aling Lodie ay Php 60.00, kung bumili siya ng 2 kilong bigas na Php 18.00 ang isang kilo, magkano ang natira sa kanyang pera?

   a. Php 40.00  b. Php 55.00  c. Php 24.00

5. Pumitas ng mangga ang tatlong magkakapatid sa kanilang bakuran. Si Nene 10, si Linda 15 at si Elsa 12. Ilang mangga ang kanilang napitas?

   a. 20  b. 30  c. 37

## Alamin natin ang iyong natutuhan

A. Bilugan ang mga pantig para makabuo ng salita.

Halimbawa

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| pa | di | do | ta | nim | sa | sin |
| ta | la | li | da | mi | ni | ngo |
| ba | nga | be | gan | li | tu | big |

B. Isulat sa sagutang papel ang nabuong salita.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 